

Ang Pagsisiyasat ng Numero sa Year 1

Impormasyon para sa mga magulang at tagapag-alaga



Ano ang Pagsisiyasat ng Numero sa Year 1?

Ang Pagsisiyasat ng Numero sa Year 1 (Year 1 Number Screening Check) ay isang maikling pangbuong estado na pagsusuri na nagpapabatid sa mga guro kung paano umuunlad ang inyong anak sa early number sense (maagang pag-unawa ng numero). Inoobserbahan ng screening check na ito kung paano nakikilala ng inyong anak ang mga numero, pagkakasunud-sunod ng mga numero, pagbibilang, pagdadagdag at pagbabawas.

Makikiupo ang inyong anak na kasama ang isang guro at siya ay tatanungin ng humigit-kumulang na 30 mga tanong. Ang pagsusuri ay karaniwang nagtatagal ng **10 hanggang 15** minuto. Ang Year 1 Number Screening Check ay maingat na dinisenyo na hindi nakakabahala sa inyong anak. Kung nahihirapan ang inyong anak, ihihinto ng guro ang pagsusuri.

Ang pangunahing layunin ng Year 1 Number Screening Check ay upang mabigyan ng impormasyon ang guro ng inyong anak na magbibigay-daan sa kanila na planuhin ang pag-aaral ng inyong anak. Lahat ng mga batang Year 1 ay indibidwal na tatasahin ng isang guro.

Makipag-ugnay sa inyong paaralan kung mayroon kayong anumang mga itatanong tungkol sa Year 1 Number Screening Check.

Ano ang number sense?

Ang number sense ay ang kakayahan na maunawaan, iugnay, at mabisang gamitin ang mga numero upang makisali sa pang-araw-araw na buhay at maunawaan ang mundo. Ang number sense para sa ilang mga bata ay mapaghamon, kaya't mahalaga na ang mga batang ito ay agad na matukoy. Sa ganitong paraan, maaaring makakapagplano ang mga guro ng anumang partikular na tulong na maaaring kakailanganin nila.

Bakit mahalaga ang number sense?

Ang isang magandang batayan sa pag-unawa ng numero ay nakakasuporta sa inyong anak na maintindihan ang mga mas kumplikadong konsepto ng matematika sa mas huling mga taon ng primary school at high school.

Serbisyo ng Pag-iinterpretar sa telepono (Telephone interpreter service)

Kung kinakailangan ninyo ng tulong ng interpreter (tagapagsaling-wika) upang kumontak sa paaralan, pakitawagan ang 131 450, at sabihin sa operator kung anong wika ang kailangan ninyo at hilingin sa kanila na tumawag sa paaralan. Kukuha ang operator ng isang tagapagsaling-wika sa linya upang tumulong sa inyo sa inyong pakikipag-usap. Hindi kayo sisingilin para sa serbisyong ito.